Tawagan kami. Nariritо kami upang tumulong.

Kung nakaranas ka ng diskriminasyon at nais mo ng:

- Legal advice upang malaman kung paano tutugunan ang diskriminasyon na nangyari sa iyo
- Legal assistance nang may aplikasyon sa Human Rights Tribunal of Ontario

Tawagan kami sa:

Tel: (416) 597-4900

Libreng tawag: 1-866-625-5179

TTY: (416) 597-4903

Libreng matatawagang TTY: 1-866 612-8627

Matatawagan ang aming mga telepono:

www.hrlsc.on.ca

Hindi lahat ng 'di-makatarungang pagtrato ay diskriminasyon. Upang masakop ng *Code*, ang pagtrato ay dapat may kinalaman sa personal na katangian (halimbawa, lahi, kasarian) at isang bagay (halimbawa, trabaho, housing) na nakapahayag sa *Code*

Kasaria

Trabaho

Lahi

Housing

Sekswal na Kapansanan

Ikaw ba ay naging biktima ng diskriminasyon? Kailangan mo ba ng legal

Ang **Human Rights Legal Support Centre** ("*Centre*") ay nagbibigay ng libreng legal na suporta sa mga tao sa Ontario na ang human rights o mga pantaong karapatan ay nilabag sa ilalim ng *Human Rights Code* ng Ontario.

Human Rights sa Ontario

Ang human rights system sa Ontario ay binubuo ng tatlong magkakahiwalay na ahensiya.

- Ang **Human Rights Legal Support Centre** ay nagbibigay ng legal na tulong sa mga taong nakaranas ng diskriminasyon sa ilalim ng *Human Rights Code*. www.hrlsc.on.ca
- Ang Human Rights Tribunal ay kung saan ipanapadala at ginagawan ng desisyon ang mga aplikasyon sa human rights. www.hrto.on.ca

Maproprotektahan ka ng *Human Rights Code* upang hindi ka tratuhin nang naiiba at nang masamâ sa mga ispesipikong bagay tulad ng:

- **mga trabaho**
- **housing**
- **mga programa o mga serbisyo ng pamahalaan (halimbawa, mga eskwelahan, transit, o pulis)**

Ang layunin ng *Code* ay ang maiwasan ang diskriminasyon at panliligalig dahil sa iyong:

- **Lahi, kulay, ninuno, lugar na pinanggalingan, citizenship, etnikong pinanggalingan**
- **Relihiyon**
- **Pagtanggap ng public assistance** (umaaplay lamang sa housing)
- **Marital status at family status**
- **Rekord ng mga sala** (umaaplay lamang sa trabaho at ang tao ay dapat pinatawad)
- **Edad**
- **Kapansanan** (nakikita o hindi nakikita)
- **Kasarian** (sekswal na oryentasyon, pagbubuntis, sekswal na panliligalig,

Ang Human Rights Legal Support Centre ay nagbibigay **ng libreng legal at support services**, kabilang ang:

- **advice** o payô upang malaman kung ang iyong sitwasyon ay sakop ng *Human Rights Code*
- **tulong** upang makahanap ng solusyon para sa iyo
- Maaaring maisaayos namin ang iyong claim nang maaga
- **tulong** sa aplikasyon sa human rights sa Tribunal
- **pangangatawan** sa mga negosasyon upang ayusin ang problema
- **pangangatawan** sa iyong Tribunal mediation at hearing
- **enforcement** ng isang utos ng Tribunal.

Kung sa palagay mo'y mayroon kang human rights claim

Bisitahin kami sa www.hrlsc.on.ca para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aming services.

Tawagan kami. Kailangan mong sabihin sa amin kung ano ang nangyari sa iyo (sino, kailan, ano, at saan), kung paano ka naapektohan ng mga pangyayari, at kung anong kompensasyon o remedyo ang gusto mong makuha. Ipunin ang anumang mga dokumentong nagsusuporta sa iyong claim. Mayroon bang sinumang mga witness na nakakita sa insidente na nangyari sa iyo?

Bisitahin ang web site ng Tribunal sa www.hrto.ca para sa impormasyon tungkol sa pag-file ng aplikasyon para sa human rights.

Bisitahin ang web site ng Commission sa www.ohrc.on.ca para sa karagdagang impormasyon tungkol sa diskriminasyon.

Legal service sa iyong wika

Matutulungan ka namin sa 140 iba't-ibang wika. Tawagan lamang kami. Aayusin namin ito upang makipag-usap sa iyo sa wikang nais mong gamitin.

Ang pag-iwas ng diskriminasyon sa darating na panahon

Kung nakaranas ka ng diskriminasyon, matutulungan ka ng Centre na mabayaran ka para sa pananakit na naranasan mo.

Kapag binigyan ka ng Centre ng legal na tulong sa mga negosasyon sa pagsasaayos ng problema o sa isang Tribunal hearing, tutulungan ka rin naming makuha ang mga resulta na makakatulong sa iba. Halimbawa, ang iyong tagapag-empleyo,